



# SAN FRANCISCO PLANNING DEPARTMENT

1650 Mission Street, Suite 400 • San Francisco, CA 94103 • Fax (415) 558-6409

## PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

AT PAGKAKARON NG DRAFT ENVIRONMENTAL IMPACT REPORT  
(PAUNANG SULAT NG REPORT TUNGKOL SA EPEKTO SA KAPALIGIRAN)

Petsa ng Pagdinig: **Huwebes, Hunyo 9, 2016**

Oras: **Hindi bago mag-alas 12:00 ng tanghali**

Lugar: **City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Silid 400**

Uri ng Kaso: **Para sa Kapaligiran (Draft Environmental Impact Report)**

Lupon ng Pagdinig: **Planning Commission (Komisyon Para sa Pagpaplano)**

PROPERTY INFORMATION	APPLICATION INFORMATION
Address ng Proyekto: 1979 Mission Street (Mga) Tinutumbok na Kalye: 16th Street at Capp Street Numero ng Block /Lot: 3553/052 (Mga) Distrito ng Pagsosona: 105-E/55 X Height at Bulk District Lugar na Sinasakop ng Plano: Plano para sa Lugar na Pumapaikot sa Mission para sa Pagbabago ng Sona at Pagpaplano ng mga Magkakalapit na Lugar sa Bandang Silangan	Numero ng Kaso: 2013.1543E Building Permit: N/A Aplikante/Ahente: Bert Polacci Maximus-BP 1979 Mission Street, LLC (415) 316-0122 Telepono: E-Mail: info@1979mission.com

### PROJECT DESCRIPTION

May draft environmental impact report (EIR) na inihanda ang San Francisco Planning Department kaugnay sa proyektong ito. Ang lugar para sa proyekto na binubuo ng 57,312 square feet ay matatagpuan sa komunidad ng Inner Mission at binubuo nito ang mga panghilaga at pangsilangang hangganan ng hilagang-silangang pasukan ng Plaza para sa Estasyon ng Bay Area Rapid Transit District (BART plaza) sa 16th Street Mission. Gigibain ng Pinapanukalang Proyekto ang dalawang nakatayong gusaling komersyal at ang nasa kalatagang parking lot sa lugar na ito, at magtatayo ng isang bagong gusaling residensyal na may 331 unit para sa magkakahalang gamit (mixed use) at retail sa unang palapag, na umaabot ng mula 4 hanggang 10 palapag ang taas, na ang pinakamataas na hangganan ay 105 feet, at ang pangkalahatang taas ay 121 feet sa penthouse ng elevator. Ang Pinapanukalang Proyekto ay magiging isang gusaling residensyal na may magkakahalang gamit at may lawak na humigit-kumulang 388,912 gross square foot (gsf) na may pang-retail na gamit sa unang palapag, lugar sa kalatagan para sa pagkarga na hindi nasa kalye at paradahan sa ilalim ng kalatagan, at malawak na espasyong bukas sa publiko pero pribado ang pagmamay-ari na matatagpuan sa hilagang-silangang bahagi ng BART plaza. Ang malalawak na espasyong tumutugon sa code para sa pampubliko at pangpribadong paggamit, tulad ng mga balkonahe, roof terraces (mga terasa sa palapag ng bubungan), at bahagi ng napapaloob na podium na courtyard ay isasama bilang bahagi ng Pinapanukalang Proyekto. Magsasama ang Pinapanukalang Proyekto ng humigit-kumulang na 291,027 gsf para sa pangresidensyal na paggamit (331 na matitirahang unit), at humigit-kumulang na 34,198 gsf para sa pangkomersyal na paggamit (sa loob ng maraming pinapaupahang espasyo). May humigit-kumulang na 63,687 gsf ng paradahan at mga serbisyong panggusali na matatagpuan sa basement at sa unang palapag, kabilang ang 163 paradahan (136 para sa pangresidensyal na paggamit, 22 para sa pangkomersyal na paggamit, apat para sa sasakyang pangsama-samang paggamit [car share], at isang paradahan para sa van na magagamit ng mga taong may kapansanan sang-ayon sa Americans with Disabilities Act [ADA]), tatlong espasyo para sa pagkarga ng kargamento, 162 na Class I na paradahan ng bisikleta, at mga kagamitang elektrikal at mekanikal. Bukod dito, may 30 Class II na paradahan ng bisikleta na ipagkakaloob sa pamamagitan ng dalawang rehas na pangbisikleta na matatagpuan sa kalye. Matatagpuan ang mga pinapanukalang rehas na pangbisikleta sa lane na pangparadahan: isa sa Mission Street sa hilaga ng kasalukuyang hintuan ng transit, at isa sa Capp Street.

中文詢問請電: (415) 575-9010

Para información en Español llamar al: (415) 575-9010

**DRAFT EIR:** Ipinapasiya ng Draft EIR na ang pagsasagawa ng pinapanukalang proyekto ay hahantong sa mahahalaga at di-maiiwasang epekto na manggagaling kapwa sa proyekto at sa mga pinagsama-samang epektong may kinalaman sa pagkakaroon ng liliim. Ang Draft EIR, kabilang ang isang detalyadong paglalarawan ng proyekto, ay ipiprisinta sa website ng Planning Department na nasa <http://www.sf-planning.org/sfcegadocs> para sa pagsusuri at mga puna ng publiko.

Ang layunin ng pampublikong pagdinig ay para makatanggap ang mga tauhan ng Planning Commission at Department ng mga puna tungkol sa kasapatan ng EIR. Ang Planning Commission ay hindi sasagot sa anumang puna at wala itong aksyong isasagawa sa pagdinig kaugnay sa proyektong ito. Pag-iisipan ng Planning Commission ang pagpapatunay ng Final EIR [Kahulihuliang EIR] sa mas nalalaong pagdinig. Kontakin ang tagaplanong nakasaad sa ibaba kung gusto mong maisama ka sa listahan ng mga padadalhan ng mga hinaharap na paunawa tungkol sa proyektong ito.

**Ang mga puna ng publiko tungkol sa Draft EIR ay tatanggapin mula Mayo 5, 2016 hanggang sa 5:00 pm ng Hulyo 5, 2016.**

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON O PARA MAGSUMITE NG MGA PUNA TUNGKOL SA EIR, MANGYARING KONTAKIN ANG:**

**Tagaplano:** Debra Dwyer, 1650 Mission Street, Suite 400, San Francisco, CA 94103-9425 **Telepono:** (415) 575-9031

**E-Mail:** [debra.dwyer@sfgov.org](mailto:debra.dwyer@sfgov.org)

**GENERAL INFORMATION ABOUT PROCEDURES**

Hindi kinakailangan ng mga miyembro ng publiko na magbigay ng impormasyong maglalantad ng kanilang personal na impormasyon kapag nakikipag-ugnayan sila sa Commission o sa Department. Lahat ng mga nakasulat o binigkas na pakikipag-ugnayan, kabilang ang mga isinumiteng personal na impormasyon para sa pakikipag-ugnayan, ay maaaring maiprisinta sa publiko para sa kanilang pagsusuri at pagkopya kapag hiniling nila ito, at maaari din itong lumabas sa website ng Department o sa iba pang mga pampublikong dokumento.

Bukod tanging mga tagapuna lamang ng Draft EIR ang pahihintulutang magpatala ng pag-apela ng pagpapatunay ng Final EIR sa Board of Supervisors [Lupon ng mga Superbisor].

May mga kopya ng Draft EIR na makukuha sa counter ng Planning Information Center (PIC) na nasa unang palapag ng 1660 Mission Street, San Francisco, at ang mga binanggit na materyal ay maaaring suriin sa Planning Department (tawagan ang tagaplanong nakalista sa ibaba). Ang mga nakasulat na puna ay dapat ipadala kay Sarah B. Jones, Environmental Review Officer, San Francisco Planning Department, 1650 Mission Street, Suite 400, San Francisco, CA 94103, o i-email sa [sarah.b.jones@sfgov.org](mailto:sarah.b.jones@sfgov.org). Ang mga punang tinanggap sa pampublikong pagdinig at sa isang sulat ay sasagutin sa isang dokumentong nagtataglay ng mga Kasagutan sa mga Puna [Responses to Comments (RTC)].

Template ba binago ng 3/19/15